ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 8| August 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

# LOCALIZED STORYBOARD OF TAYABASIN TEXTS AND LEVEL OF READING COMPREHENSION AND VOCABULARY ENRICHMENT

## (LOKALISADONG *STORYBOARD* NG MGA AKDANG TAYABASIN AT ANTAS NG PAG-UNAWA SA PAGBASA AT KASANAYAN SA PAGPAPAYAMAN NG TALASALITAAN)

**Maybelle T. Pabellano & Imelda G. Carada, PhD**
*Laguna State Polytechnic University*

**ABSTRACT**
***One objective in teaching reading is to comprehend each text that is given attention. It is not enough for an individual to know how to read; they should also understand what they read. With the help of various reading materials, students are assisted in developing their interests and enhancing their skills in reading comprehension and vocabulary enrichment. As a result, the researcher conducted a descriptive-experimental study to help students in the seventh grade from public schools improve their reading comprehension and vocabulary enrichment through the use of Localized Storyboards of Tayabasin Texts. The study's findings revealed significant differences in the level of reading comprehension and vocabulary enrichment of the respondents before and after using the Localized Storyboards, indicating the tool's effectiveness. Overall, the study shows that the use of localized storyboards greatly contributed to improving the respondents' reading comprehension and vocabulary enrichment. Utilizing localized storyboards of Tayabasin texts to enhance students' interest in reading and improve their reading comprehension and vocabulary skills is recommended.***
**Keywords:** *Lokalisadong Storyboard, Antas, Kasanayan, Pagpapayaman ng Talasalitaan*

**ABSTRAK**
Isang layunin sa pagtuturo ng pagbasa ay ang pag-unawa sa bawat akdang binibigyang-pansin. Hindi sapat na marunong lamang bumasa ang isang indibidwal marapat na ito ay kaniyang nauunawaan. Sa tulong ng iba't ibang kagamitan sa pagbasa ay natutulungan ang mga mag-aaral na magkaroon ng kawilihan at madebelop ang kanilang kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa at kasanayan sa pagpapayaman ng kanilang talasalitaan o bokabularyo. Bunsod nito ang mananaliksik ay nagsagawa ng *descriptive-experimental* na pag-aaral upang matulungan ang mga mag-aaral na nasa ikapitong baitang mula sa pampublikong paaralan upang mapataas ang antas ng pag-unawa sa pagbasa at kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan sa tulong ng Lokalisadong Storyboard ng mga Akdang Tayabasin. Sa kinalabasan ng pag-aaral may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pag-unawa sa pagbasa at kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan ng mga tagasagot bago at pagkatapos gamitin ang Lokalisadong Storyboard na nangangahulugan na naging mabisa ang kagamitan. Sa kabuuan ng pag-aaral makikita na ang paggamit ng lokalisadong storyboard ay malaki ang naitulong sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga tagasagot at sa kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan. Iminumungkahi ang paggamit ng lokalisadong storyboard ng mga akdang Tayabasin upang mas mawili sa pagbabasa ang mga mag-aaral tungo sa pagpapataas ng antas sa pagbasa at kasanayan sa talasalitaan.
**Mga Susing-Salita:** Lokalisadong Storyboard, Antas, Kasanayan, Pagpapayaman ng Talasalitaan

## 1. PANIMULA

Ang pagbabasa ay isa sa mga makrong kasanayan at isang gawaing hindi na maiialis sa buhay ng tao kakabit na ito sa ating pang-araw-araw na pamumuhay bilang isang indibidwal. Sa pagtuntong natin sa paaralan hindi na maiaalis ang pagtuturo ng mga guro ng pagpapabasa ng mga aklat lalo't higit sa pag-aaral ng panitikan. Ang pagbasa ay isang mahalagang elemento upang maunawaan ang isang akdang pinag-aaralan.

Ngunit kaakibat nito ay ang mga makabagong dulog sa larangan ng edukasyon ang madalas na hinahanap ng mga guro sa kasalukuyan na naghahanap rin ng makabagong kagamitan sa kanilang pagtuturo partikular na sa pagtuturo at pagsasanay sa mga mag-aaral sa makrong kasanayan gaya na lamang ng pagbasa.

Sa mga kasanayang pangwika, ang pagbasa ay kinakailangang pag-ukulan ng panahon ng isang mag-aaral, sapagkat ang kasanayang ito ang isa sa huling nalilinang ng mga mag-aaral. Kaya naman ang mga guro ay may malaking responsibilidad na ginagampanan upang ang kanyang mga mag-aaral ay matuto.

Ang kanilang tungkulin ay mapataas ang pagkatuto ng mga mag-aaral at mabigyang solusyon ang kanilang kakulangan at hirap sa pag-unawa lalo't higit sa pagbasa gaya na lamang sa mga panitikang tinatalakay. Malaking konsiderasyon kung may angkop na kagamitang panturo na gagamitin upang mapaunlad ang pagkatuto sa bawat aralin lalo't higit sa pagbasa gamit ang iba't ibang inobatibong estratehiya.

Tunay ngang ang kalidad ng pagtuturo ang sandigan upang ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay maging epektibo. Sang-ayon naman kay Salandanan (2013) ang mga edukador ay nagsimulang pag-aralan ang paggamit ng teknolohiya na magpapatibay sa moduelo ng pagtuturo para mapalwak ang pagkatuto. Ang desisyong ito nang paggamit ng teknolohiya ay magdadala sa mabisang pagkatuto nang may malalim na oagkaunawa sa mga teorya ng pagtutro at pagkatuto.

Ang kagamitang gagamitin ang siyang magiging katuwang ng guro tungo sa malinaw na pagkaunawa ng mga mag-aaral. Sa pagtuturong ginagawa ng guro sa loob ng silid-aralan malaki ang ginagampanan ng mga kagamitang pampagtuturo upang maging epektibo ang pagkatuto hindi lamang sa akademikong aspeto kundi sa holistiko nitong pag-unlad. Kailangang makiramdam ang guro sa kaniyang mga mag-aaral upang madaling matukoy kung ano at alin ang nababagay at naaangkop na gawain at estratehiya para sa mga mag-aaral. Madaling natututo ang estudyante kung sila ay nasisiyahan sa kanilang pag-aaral at higit na nagaganyak ang guro sa kaniyang pagtuturo kung nakikita niyang nasisiyahan ang kaniyang mga estudyante.

Walang katapusang proseso ang pagpapaunlad ng mga kagamitan at estratehiya sa pagtuturo lalo't higit sa makrong kasanayan ng mga mag-aaral. Ang layunin ng pagtuturo ay walang iba kundi mapalawig ang kaalaman sa pag-aaral. Sa kabilang ng ibat ibang estratehiya , ang paggawa ng malinaw at tiyak na layunin sa pagtuturo, angkop na kagamitan sa paksang aralin, pagkilala ng katangian at karanasan ng mga mag-aaral, pagtiyak ng tagal ng panahon ng paggamit ng kagamitan at pagsusuri ng tamang paraan ng paggamit ng mga ito ay ilan lamang sa mga responsibilidad ng mga kaguruan sa paghahanda ng kagamitan para sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ito ang naging konkretong pundasyon, kawilihan sa pag-aaral at nagdudulot din ito ng mabisang proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Ayon kay Alcantara sa pag-aaral pa rin ni Juarez (2014) na kung ang bata ay hindi magtataglay ng mga salik na nakaapekto sa pagbasa tulad ng kaalaman, kawilihan at motibasyon, kapaligiran at estratehiya sa pagkatuto ang kakayahan sa pagbasa ay nagiging mababa. Kaya't kinakailangan na ang guro ay mahusay sa mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa sa kanyang mga mag-aaral.

Ang mga mag-aaral na walang interes sa pagbasa o hindi palagian ang pagbabasa ay hindi kailanman nalilinang ang mga kasanayan sa pagbasa tulad ng kasanayan sa pag-unawa, pagpapakahulugan at kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan sapagkat paano ang isang tao makapagbibigay ng impresyon sa teksto kung hindi naman lubusang naunawaan ang teksto.

Sa kabilang banda, ang bawat asignatura sa paaralan ay maaaring sumailalim sa paglolokalisa ng mga kagamitan sa pagtuturo ng mga akda na kanilang magagamit sa pagtuturo na makatutulong upang mapataas ang kalidad ng edukasyon gaya na lamang ng pagpapataas ng antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral at kanilang kasanayan sa mga salitang nakapaloob sa isang akda. Kaugnay nito ayon sa Republic Act No. 10533 (2013) section 5. na nagtatadhana ng mga batayan sa pagbuo ng K to 12 Curriculum: a) ang kurikulum ay alinsunod sa prinsipyo at balangkas ng *mother tongue based multilingual education* (MTB-MLE) kung saan ang mga kagamitang pampagtuturo ay nakabatay sa kung saan o ano ang kinagisnan ng mga mag-aaral; b) ang kurikulum ay binigyang permisyon ang mga paaralan upang bumuo ng mga lokalisadong kagamitang pampagtuturo. Ang pagpapakalap at pagsasaayos ng mga kagamitang ito ay aaprobahan ng rehiyunal at pambansang yunit ng edukasyon.

Kaugnay nito, malaki ang maitutulong ng pag-aaral na ito tungo sa epektibong pagtuturo ng pagbasa bilang makrong kasanayan kaya naniniwala ang mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay napakahalaga para makatulong sa mga guro at mga mag-aaral partikular na sa mga mag-aaral ng ikapitong baitang ng Luis Palad Integrated High School upang higit nilang kawilihan ang pagbabasa ng panitikan sa pamamagitan ng mga estratehiya at mga lokalisadong kagamitan o materyal na ginagamit ng kanilang mga guro sa paaralan. Gayundin ay upang magkaroon ng kamalayan ang mga mag-aaral sa kahalagahan ng pagbasa at upang magsilbing pamukas ng isipan sa mga mag-aaral na ang pagbasa ay isang kasanayang dapat malinang ng isang tao.

### *1.1. Paglalahad Ng Suliranin*

Ang pag-aaral na ito ay may pamagat na Lokalisadong Storyboard ng mga akdang Tayabasin at antas ng pag-unawa sa pagbasa at kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral sa tulong ng binuong *storyboard* ng mga piling akdang Tayabasin. Hangad ng mananaliksik na masagot ang mga sumusunod na tiyak na katanungan:

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 8| August 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

1.1.1. Ano ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa lokalisadong *storyboard* ng mga akdang Tayabasin batay sa nilalaman, organisasyon, wika at Estilo, ilustrasyon/ larawan, at kabuuang gamit?

1.1.2. Ano ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga tagasagot bago at pagkatapos gamitin ang lokalisadong *storyboard* ng mga akdang Tayabasin batay sa pag-unawang literal, pag-unawang inferensyal at pag-unawang kritikal?

1.1.3. Ano ang kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan ng mga tagasagot bago at pagkatapos gamitin ang lokalisadong *storyboard* ng mga akdang Tayabasin batay sa pagpapangkat ng mga salitang magkakaugnay, kasingkahulugan, at kasalungat?

1.1.4. May makabuluhang pagkakaiba ba ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga tagasagot bago at pagkatapos gamitin ang lokalisadong *Storyboard* ng mga akdang Tayabasin?

1.1.5. May makabuluhang pagkakaiba ba ang kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan ng mga tagasagot bago at pagkatapos gamitin ang lokalisadong *Storyboard* ng mga akdang Tayabasin?

## 2. METODOLOHIYA

### *2.1. Disenyo ng Pananaliksik*

Ang pamamaraang deskriptib-eksperimental ang ginamit sa pananaliksik upang mabatid ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa lokalisadong storyboard ng mga akdang tayabasin at antas ng pag-unawa sa pagbasa at kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan batay sa kanilang nakuhang iskor sa pauna at panapos na pagsusulit bago at pagkatapos gamitin ang lokalisadong storyboard. Ito rin ay kinabibilangan ng mga elemento ng interpretasyon, kahulugan, kahalagahan ng bagay na binuo at binigyang ebalwasyon. Ang palarawang pagsusuring paraan ng pananaliksik ay isang paraan ng pagtatamo ng mga eksaktong bilang na mga katanungan tungkol sa isang sitwasyon. Tatangkain nitong ilarawan ang isang kondisyon o napag-aralan kaya ang kalalagayan ng isang bagay upang makabuo ng mapapanaligang pahayag mula sa natuklasang katanungan.
Inalam sa pag-aaral ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbasa na naging batayan sa pagbuo ng lokalisadong storyboard. Pagkatapos nito ay inalam kung ano ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa nabuong materyal at naging antas ng kasanayan pagkatapos gamitin ito.

Bumuo ng lokalisadong storyboard ang mananaliksik para sa antas ng pag-unawa at kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral na nabibilang sa antas ng *frustration* o kabiguan, ang lokalisadong storyboard ay naglalaman ng mga akdang Tayabasin na ang uri ng akdang pampanitikan ay nagmula sa ikatlong markahan para sa mag-aaral sa Grado 7. Nagbigay ang mananaliksik ng talatanungan na nagsilbing paunang pagsusulit upang malaman ang panimulang kaalaman sa mga akdang napili at kasanayan sa talasalitaan ng mga mag-aaral. Ipinagamit ang lokalisadong storyboard sa mga mag-aaral sa itinakdang araw at oras ng kanilang iskedyul sa *reading class program* ng paaralan. Para malaman ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa nabuong lokalisadong storyboard ay nagbigay ng talatanungan para sa nilalaman, organisasyon, wika at estilo, ilustrasyon o larawan at kabuuang gamit. Pagkatapos nito ay isinagawa ang panapos na pagsusulit upang malaman ang naging bunga sa antas ng pag-unawa at kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral gamit ang lokalisadong storyboard.

### *2.2. Mga Tagasagot*

Ang mga naging tagasagot sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral na nasa ikapitong baitang sa Luis Palad Integrated High School Taong Panuruan 2022-2023. Ang paaralang ito ang institusyong pinagtuturuan ng mananaliksik.

Ang mga mag-aaral ay may kabuuang bilang na siyamnapu't isa (91) na mag-aaral mula sa Luis Palad Integrated High School. Kung saan dalawampu't isa (21) ay mula sa pangkat *Persistence*; tiglabinwalo (18) ang mula sa mga pangkat *Gratitude at Prudence* at tiglabimpito (17) naman ang mula sa pangkat *Contentment at Obedience.*

Pinili ang mga tagasagot sa isinagawang pag-aaral gamit ang *purposive sampling*. Ang mga mag-aaral ay natukoy sa pamamagitan ng malakas na pagbasa noong araw ng pagpapatala ng mga mag-aaral sa nasabing paaralan. Ang pagtatasa ay salig sa Phil-IRI ng Kagawaran ng Edukasyon. Pinili ng mananalisksik ang baitang pito sapagkat sa mga nakalipas na tatlong taon sa resulta ng pagbasa ng nasabing paaralan, ang baitang na ito ang may pinakamataas na bilang ng mag-aaral na nabibilang sa antas na *frustration* o kabiguan. Pinili rin ang antas na ito sapagkat sila ang nangangailangan ng karagdagang interbensyon upang mapataas ang kasanayan at antas ng pag-unawa sa pagbasa maging ang kanilang kasanayan sa talasalitaan.

Kaya naman sa pamamagitan ng pagbuo ng lokalisadong storyboard na naglalaman ng mga pagsasanay ay maaaring mapataas ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral at ang kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan. Bilang paggalang sa mga naging tagasagot sa pag-aaral na ito, nagsagawa ng *concent form* ang mananaliksik at ipinaliwanag sa mga tagasagot ang kahalagahan ng pag-aaral na ito, at sa karagdagan ay ginawang pribado ng mananaliksik ang mga nakalap na datos.

### *2.3. Instrumentasyon ng Pananaliksik*

Ang mananaliksik ay bumuo ng lokalisadong storyboard na naglalaman ng mga piling akdang Tayabasin na kabibilangan ng sanaysay, alamat, maikling kwento at dula. Ang mga nabanggit na uri ng akda ay nakabatay sa *Most Essential Learning Competencies o MELC* ng ikapitong baitang sa ikatlong

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 8| August 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

markahan. Ang mga akdang napili ay mga akdang isinulat mismo ng mga kilalang manunulat sa bayan ng Tayabas.

Pagkatapos ay gumamit ng instrumentong talatanungan na naglalaman ng antas ng pagtanggap sa lokalisadong storyboard na may tigsasampung (10) aytem batay sa nilalaman, organisasyon, wika at estilo, ilustrasyon o larawan at kabuuang gamit. Nagsagawa rin ng paunang pagsusulit para makita ang antas ng pag-unawa sa pagbasa (literal, inferensyal at kritikal) at kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan (pagpapapangkat ng mga salitang magkakaugnay, kasingkahulugan at kasalungat) ng mga mag-aaral na binubuo ng apatnapu't walong (48) aytem bago isagawa ang pag-aaral. Pagkatapos gamitin ng mag-aaral ang nabuong lokalisadong storyboard ang mananaliksik ay muling nagbigay ng panapos na pagsusulit upang malaman kung may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pag-unawa sa pagbasa at kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral.

*2.4. Balidasyon ng Instrumento*

Ang mga pagsusulit at talatanungang tseklist na binuo gayundin ang lokalisadong storyboard na ginamit sa pag-aaral ay ipinasuri sa mga taong may kasanayan at bihasa upang malaman ang kabisaan ng binuong instrumento. Pagkatapos nito, sinuring mabuti ng mananaliksik ang ginawang balidasyon upang matukoy kung alin ang dapat ayusin, alisin at idagdag sa ginawang pagsusulit, talatanungan at lokalisadong storyboard. Ang talatanungan at mga pagsusulit na binigyan ng puna at rekomendasyon ay ginawan ng rebisyon upang higit na maging angkop at makapagbigay ng kinakailangang datos. Ang mga binago sa talatanungan, mga pagsusulit at lokalisadong storyboard ay muling isinangguni at ipinasuri sa tagapayo at mga gurong tagapag-ugnay upang maisama ang kanilang suhestiyon at rekomendasyon bago mapasagutan sa mga tagasagot ang mga instrumento.

*2.5. Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos*

Bumuo ang mananaliksik ng lokalisadong storyboard ng mga akdang Tayabasin, talatanungang tseklist at pauna at panapos na pagsusulit. Ang mga ito ay ipinasuri sa mga eksperto upang masuri at maisaalang-alang ang mga puna, kumento o suhestiyon upang mas maging epektibo ang pangangalap ng datos na kinailangan sa ginawang pananaliksik.

Matapos ang pagsasaayos, ang mananaliksik ay gumawa naman ng liham kahilingan para sa tagapangasiwa ng Dibisyon ng Tayabas, punongguro ng Luis Palad Integrated High School upang maipamahagi at mapasagutan ang mga inihandang talatanungan.

Isinagawa ang *pilot testing* kung saan ang dalawang (20) mag-aaral na hindi kabilang sa isinagawang pag-aaral na nasa ikapitong baitang ng Luis Palad Integrated High School ay nagsagot ng pauna at panapos na pagsusulit bago at pagkatapos gamitin ang lokalisadong storyboard sa pahintulot ng punongguro ng paaralan. Ang mga nakuhang datos ay dumaan sa istatistikal na pagsusuri at pag-apruba bago tuluyang isinagawa ang pag-aaral.

Nagpasagot ang mananaliksik ng paunang pagsusulit sa kanilang oras o iskedyul ng kanilang *reading class program*. Matapos magsagot ng paunang pagsusulit ay ipinamahagi at ipinagamit sa mga mag-aaral ang nabuong lokalisadong storyboard gayundin ang pagpapasagot sa mga mag-aaral sa mga pagsasanay na matatagpuan sa loob nito. Pagkatapos na mabasa, magamit at sagutan ng mga mag-aaral ang lokalisadong storyboard ay isinagawa ang ebalwasyon ng materyal sa pamamagitan ng tseklist na naglalaman ng antas ng pagtanggap batay sa nilalaman, organisasyon, wika at estilo, ilustrasyon o larawan at kabuuang gamit nito. Binigyan ng panapos na pagsusulit ang mga mag-aaral upang makita kung may naging makabuluhang pagkakaiba ba ang antas ng pag-unawa sa pagbasa at kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral.

Isinagawa ang pagkuha ng mga datos sa itinakdang panahon/oras na ibinigay ng mananaliksik. Matapos masagutan ang mga pagsusulit at talatanungan, ito'y nilikom ng mananaliksik, isa-isang itinala ang mga iskor at nakuhang sagot at saka nilapatan ng istadistikong pamamaraan sa tulong ng dalubhasa sa istatistika upang masagot ang tiyak na katanungan mula sa pananaliksik na ito. Sinuri ito at binigyan ng kaukulang kahulugan ng mananaliksik batay sa kinalabasan. Ang resulta ay binigyang-interpretasyon ng mananaliksik sa tulong ng kaniyang tagapayo at mula rito ay bumuo ng konklusyon at rekomendasyon ng pag-aaral na ihaharap sa lupon ng pasalitang pagsusuri.

*2.6. Lugar ng Pananaliksik*

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa sa Luis Palad Integrated High School na matatagpuan sa Brgy. Ipilan sa Lungsod ng Tayabas kung saan ang mga napiling tagasagot ay mag-aaral ng nasabing paaralan. Ang paaralang ito rin ang pinakamalaki at pinakamataas na populasyon sa Dibisyon ng Tayabas, Probinsya ng Quezon. Kaya't pinili ito ng mananaliksik upang dito isagawa ang kanyang pag-aaral. Naniniwala ang mananaliksik na malaki ang maitutulong nito sa nasabing pag-aaral.

*2.7. Pamamaraang Istadistika*

Ginamit ng mananaliksik ang mga pamaraang istadistika upang mabigyan ng pagsusuri at interpretasyon ang mga datos. Ang mananaliksik ay gumamit ng pamamaraang istadistika na *frequency and percentage* upang makuha ang antas ng pag-unawa sa pagbasa at kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral at gagamitin ang indikeytor na 7-8 (Napakahusay), 5-6 (Mahusay), 3-4 (Di-gaanong Mahusay) at 0-2 (Di-Mahusay).

Para makuha ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa Lokalisadong Storyboard ng mga akdang Tayabasin ay gumamit ang mananaliksik ng *mean* at *standard deviation* ng bawat indikeytor gamit ang batayan *(legend)* na 4.50-5.00 - Lubos na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 8| August 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

Katanggap-tanggap (LKT), 3.50-4.49 - Katanggap-tanggap (KT), 2.50-3.49 - Bahagyang Tinatanggap (BT), 1.50-2.49 - Hindi Katanggap-tanggap (HKT) at 1.00-1.49 - Lubos na Hindi Katanggap-Tanggap (LHKT).

Gumamit ang mananaliksik ng *One Sample T-Test* upang matukoy ang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa at kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan sa pauna at pangwakas bago at matapos gamitin ang Storyboard ng mga piling akdang lokal ng Tayabas.

## 3. REESULTA AT DISKUSYON

**Talahanayan 1**

*Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa Lokalisadong Storyboard ng mga Akdang Tayabasin batay na Nilalaman*

**Talahanayan 1**

*Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa Lokalisadong Storyboard ng mga Akdang Tayabasin batay na Nilalaman*

| Indikeytor | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Angkop ang mga pagsasanay na nakalahad para sa pagpapayaman ng talasalitaan at pag-unawa ko sa pagbasa. | 4.63 | 0.61 | LKT |
| 2. Nagbibigay sa akin ng pagkakataon ang mga gawain at pagsasanay na pataasin ang aking kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan at pag-unawa sa pagbasa. | 4.59 | 0.56 | LKT |
| 3. Nawiwili ako sa mga pagsasanay na ginamit sa binuong Storyboard. | 4.48 | 0.67 | KT |
| 4. Akma para sa akin ang mga pagsasanay sa pagpapayaman ko ng bokabularyo ng mga salitang Tayabasin. | 4.51 | 0.64 | KT |
| 5. Nakaayon ang interbensyong materyal na Storyboard sa pag-unawa ko sa pagbasa bilang mag-aaral. | 4.44 | 0.70 | KT |
| 6. Ang nabuong storyboard ay kakikitaan ko ng mga kulturang sumasalamin sa kulturang Tayabasin. | 4.52 | 0.60 | LKT |
| 7. Akma ang gawain at pagsasanay matapos ang pagbasa sa akda upang masukat ang aking naging pag-unawa. | 4.47 | 0.66 | KT |
| 8. Maayos na nailahad ang nilalaman ng mga akdang lokal ng bayan ng Tayabas. | 4.49 | 0.64 | KT |
| 9. Naaayon sa layunin ang nabuong kagamitang Storyboard. | 4.51 | 0.60 | LKT |
| 10. Nakaayon sa mga kompetensi ng MELC o Most Essential Learning Competency na itinakda ng K-12 curriculum. | 4.46 | 0.67 | KT |
| **Kabuuan** | **4.51** | **0.28** | **LKT** |

*Legend- N= 4.50-5.00 - Lubos na Katanggap-tanggap (LKT), 3.50-4.49 - Katanggap-tanggap (KT), 2.50-3.49 - Bahagyang Tinatanggap (BT), 1.50-2.49 - Hindi Katanggap-tanggap (HKT), 1.00- 1.49 - Lubos na Hindi Katanggap-tanggap (LHKT)*

Ipinakikita sa Talahanayan 1 ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa Lokalisadong Storyboard ng mga Akdang Tayabasin batay sa Nilalaman. Sa kabuuang mean na 4.51 at may kabuuang SD 0.28 na ay nangangahulugang lubos na katanggap-tanggap sa mga mag-aaral ang nilalaman ng lokalisadong storyboard ng mga akdang Tayabasin. Pinatutunayan lamang nito na ang lahat ng nilalalaman ng materyal, ang mga akdang babasahin gayundin ang mga pagsasanay na nakapaloob dito ay lubos na makabuluhan at mahalaga para sa pag-unawa sa pagbasa at pagkatuto ng mga mag-aaral. Mas madaling nauunawaan ng mga mag-aaral ang isang akdang kanilang binabasa kung may mga pagsasanay na hahasa sa kanilang pag-unawa sa pagbasa at maging sa bokabularyo o kanilang talasalitaan. Nakatutulong din ang mga pauna at panghuling pagsubok sa kanilang pagbasa.

Tumutugma ito sa pananaliksik ni Nanad (2021), malinaw na mahalaga ang nilalaman ng modyul ng mga babasahin bilang supplemental na kagamitan sa pagtuturo sapagkat sa tulong nito ay nauunawaan ng mga mag-aaral ang aralin at mas napapadali sa kanila ang pagkatuto sa paksang tinatakay maging ang kultural at moral na katangian ng pinagmulan ng akda. Sa tulong ng nilalaman higit na napapayaman ng mga mag-aaral ang kaniyang kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan.

Sa tulong ng iinterpretasyon at kaugnay na pag-aaral, nagpapatunay ito na ang lokalisadong storyboard ay naglalaman ng mga paksa at mga pagsasanay na angkop at madaling naunawaan ng mga mag-aaral kaya't nakatutulong sa kanilang antas ng pag-unawa at kasanayan sa talasalitaan.

**Talahanayan 2**

*Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa Lokalisadong Storyboard ng mga Akdang Tayabasin batay na Organisasyon*

**Talahanayan 2**

*Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa Lokalisadong Storyboard ng mga Akdang Tayabasin batay na Organisasyon*

| Indikeytor | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Malinaw sa akin ang pagkakalahad ng mga gawain at pagsasanay hinggil sa talasalitaan at pag-unawa sa binasa. | 4.66 | 0.60 | LKT |
| 2. Maayos ang pormat ng mga lokal na akdang Tayabasin at mga pagsasanay para sa akin. | 4.44 | 0.64 | KT |
| 3. Angkop ang laki at uri ng tipo ng mga teksto upang madaling kong mabasa ang akda. | 4.56 | 0.62 | LKT |
| 4. Tiyak, malinaw, maikli at nauunawaan ko ang pagkakalahad ng mga panuto. | 4.76 | 0.48 | LKT |
| 5. Maayos na nailahad ang mga salaysay sa Storyboard upang mas maunawaan ko ang akda. | 4.52 | 0.60 | LKT |
| 6. Maayos na naipakita ang mga pangyayari sa akda. | 4.45 | 0.64 | KT |
| 7. Madali kong naunawaan ang mga akda dahil sa mga elementong taglay ng isang storyboard. | 4.46 | 0.64 | KT |
| 8. Kinakitaan ko ng pagkamalikhain sa presentasyon ng mgapanuto pagsasanay at akdang lokal ng Tayabas. | 4.45 | 0.67 | KT |
| 9. Malinaw ang kopya ng babasahin na ibinibigay sa akin upang matiyak na nababasa ko ito ng maayos at malinaw. | 4.48 | 0.74 | KT |
| 10. Makulay at kaakit-akit sa aking mata ang kagamitan kaya't kawili-wili itong basahin at pag-aralan. | 4.64 | 0.59 | LKT |
| **Kabuuan** | **4.54** | **0.27** | **LKT** |

*Legend- N= 4.50-5.00 - Lubos na Katanggap-tanggap (LKT), 3.50-4.49 - Katanggap-tanggap (KT), 2.50-3.49 - Bahagyang Tinatanggap (BT), 1.50-2.49 - Hindi Katanggap-tanggap (HKT), 1.00- 1.49 - Lubos na Hindi Katanggap-tanggap (LHKT)*

Inilalahad naman sa Talahanayan 2 ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa Lokalisadong Storyboard ng mga Akdang Tayabasin batay sa Organisasyon. Makikita sa resulta ng pag-aaral ang kabuuang mean na 4.54 na may SD na 0.27 ay nangangahulugan ng lubos na katanggap-tanggap sa mga mag-aaral ang organisasyon o pagkakabuo ng lokalisadong storyboard ng mga akdang Tayabasin. Nangangahulugan na mahalaga sa pagbuo ng materyal lalo't higit sa pagbasa na simple at malinaw ang mga panutong gagamitin upang ito'y madali nilang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 8| August 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

maunawaan nang sa gayon ay hindi magdulot ng kalituhan sa mga mag-aaral sa kanilang gagawing mga pagsasanay.

Ipinakikita rito na mahalagang simple o payak ang mga panuto, maayos at organisado ang mga bahagi ng materyal mula sa mga panuto, pormat ng babasahing akda hanggang sa iba't ibang pagsasanay na nakapaloob dito upang maging kawili-wili sa mata ng mga mag-aaral ang kagamitan at makatulong sa mabilis na pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang kanilang binabasa gayundin upang mahasa ang kanilang isipan sa talasalitaan na nakapaloob sa bawat akdang kanilang binibigyang-pansin.

May kaugnayan ito sa kinalabasan ng pananaliksik ni Orbita (2018) kung saan lubos na tinatanggap ng mga tagasagot ang interbensyong materyal batay sa organisasyon. Binanggit niyang kailangang lubos na nauunawaan ng mga mambabasa ang panuto na inilalahad sa bawat gawain; kailangang ito'y organisado mula sa paghahanay ng mga gawain kinakailangan sa simula ito ay nagbubukas sa mga mambabasa ng kahandaan patungo sa mahihirap na gawain at paglalapat sa tunay na buhay.

Mula rito'y makikitang mahalaga ang organisasyon sa isang materyal lalo't higit sa pagbasa, marapat na ito ay kakikitaan ng mga malilinaw na panuto, maayos na pagkakasunod-sunod ng mga gawain mula sa madali papunta sa mataas na antas upang higit na madebelop ng mga mag-aaral ang kanilang kakayahan.

**Talahanayan 3**
*Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa Lokalisadong Storyboard ng mga Akdang Tayabasin batay na Wika at Estilo*

Talahanayan 3
*Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa Lokalisadong Storyboard ng mga Akdang Tayabasin batay na Wika at Estilo*

| Indikeytor | Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Angkop para sa akin ang mga talasalitaan o bokabularyo na ginamit sa Storyboard. | 4.62 | 0.65 | LKT |
| 2. Akma ang haba ng mga salita at talasalitaan. | 4.44 | 0.60 | KT |
| 3. Malinaw at payak ang wikang ginamit sa paglalahad ng mga pangyayari sa kwento. | 4.57 | 0.62 | LKT |
| 4. Wasto para sa akin ang tamang haba ng pangungusap sa mga panels na naglalaman ng salaysay. | 4.31 | 0.71 | KT |
| 5. Angkop ang mga istraktura, estilo at pormat ng salita sa inaasintang antas. | 4.38 | 0.76 | KT |
| 6. Nakatutulong ang Storyboard upang malinang ko ang pagkatuto sa mga talasalitaan na nakapaloob sa mga akda. | 4.54 | 0.54 | LKT |
| 7. Mas naunawaan ko ang akda dahil sa pagbibigay-pansin sa kahulugan at kasalungat ng mga salita. | 4.43 | 0.70 | KT |
| 8. Malinaw kong nababasa ang mga salita sa callouts o panel ng dayalogo ng mga tauhan sa akda. | 4.48 | 0.62 | KT |
| 9. Gumamit ng tamang haba ng pangungusap sa mga panels na naglalaman ng mga usapan o dayalogo. | 4.59 | 0.60 | LKT |
| 10. Madaling kong naunawaan ang mga salitang Tayabasin sa loob ng akda. | 4.60 | 0.65 | LKT |
| **Kabuuan** | **4.50** | **0.28** | **LKT** |

*Legend- N= 4.50-5.00 - Lubos na Katanggap-tanggap (LKT), 3.50-4.49 - Katanggap-tanggap (KT), 2.50-3.49 - Bahagyang Tinatanggap (BT), 1.50-2.49 - Hindi Katanggap-tanggap (HKT), 1.00- 1.49 - Lubos na Hindi Katanggap-tanggap (LHKT)*

Ipinakikita sa Talahanayan 3 ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa Lokalisadong Storyboard ng mga akdang Tayabasin batay sa Wika at Estilo. Sa kabuuan, ang pananaw ng mga tagasagot sa antas ng pagtanggap sa lokalisadong storyboard ng mga akdang Tayabasin batay sa wika at estilo ay nakakuha ng mean score na 4.50 at may SD na 0.28 na nangangahulugang lubos na katanggap-tanggap. Pinatutunayan lamang nito na naniniwala ang mga tagasagot na mahalaga ang wikang ginagamit sa isang kagamitan lalo't higit sa pagbasa at ang estilo ng pagkakalahad ng mga pahayag o pangyayari sa loob nito upang mas madaling maunawaan ng mga magaaral ang mga babasahing kanilang binibigyang-pansin.

Akma ito sa pag-aaral na isinagawa ni Dayapera (2013), sa kanyang pag-aaral lumabas na lubos na tinatanggap ang sanayang aklat sa wika at estilo nito, dagdag pa niya na bilang isang guro dapat lamang na alam niyaang mga wikang nakapaloob sa akdang tatalakain bago ito ipahayag sa mga mag-aaral. Dapat pagyamanin ang bokabularyo at isaalang-alangang ang kahulugan ng salita at katumbas nitong kahulugan. Ayon naman kina Rendon at Mangaoag (2020), ang wika at estilo ay nakakaapekto rin sa pag-unawa ng mambabasa, higit na mabuting gumamit ng simple, natural at matapat na mga pahayag. Maaaring gumamit ng mga simple at payak na salita sa mga impormal o di-maanyo na sulatin samantalang sa pormal naman ay ang paggamit ng piling mga salita.

Nangangahulugan lamang na napakahalaga ng mga wika at estilong ginagamit sa materyal sapagkat ito ang tutulong sa mga gagamit nito upang mabisa niyang maisakatuparan ang layunin ng materyal na kaniyang ginagamit gaya ng mga materyal sa pagbasa.

**Talahanayan 4**
*Antas ng Pagtanggap ng mga Tagasagot sa Lokalisadong Storyboard ng mga akdang Tayabasin batay na Ilustrasyon/Larawan*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 8| August 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

kaalaman ng mga mag-aaral at tinataglay nito ang maayos na nilalaman para sa sapat na kailangan ng mga magaaral. Sang-ayon din ito sa pananaliksik ni Cadiz (2018), kung saan lubos na tinatanggap ng mga guro ang nabuong lokalisadong kagamitang pampagtuturo sa Filipino dahil sa ito ay mainam na kagamitang makatutulong sa paglinang ng maayos at magandang proseso ng pagtuturo-pagkatuto sa loob ng paaralan.

Samakatuwid, napakahalaga ng kabuuang gamit ng isang materyal sapagkat ito'y marapat na maging kapakipakinabang at maging makabuluhan para sa mga gagamit nito tungo sa maayos at epektibong pagkatuto.

**Talahanayan 6.**
*Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Tagasagot ng mga Akdang Tayabasin batay sa Pag-unawang Literal*

Talahanayan 6.
Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Tagasagot ng mga Akdang Tayabasin batay sa Pag-unawang Literal

| Iskor | Pag-unawang Literal | | | | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| | Pre-test | | Post test | | |
| | F | Percent | F | Percent | |
| 7-8 | 3 | 3 | 38 | 42 | Napakahusay |
| 5-6 | 21 | 23 | 50 | 55 | Mahusay |
| 3-4 | 30 | 33 | 3 | 3 | Di-gaanong Mahusay |
| 0-2 | 37 | 41 | — | — | Di Mahusay |
| Kabuuan | 91 | 100.0 | 91 | 100.0 | |

Ang bahaging ito ay naglalahad ng antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga tagasagot batay sa Pag-unawang Literal. Ibinatay ang resulta mula sa iskor na kanilang nakuha mula sa pre-test at post-test at pagkatapos ay nilapatan ng kaukulang interpretasyon. Ipinakikita sa Talahanayan 6 ang antas ng pag-unawa sa pagbasa batay sa Pag-unawang Literal. Mula sa kabuuang siyamnapu't isang (91) tagasagot ay may 37 na mag-aaral na may 41 na bahagdan na nangangahulugang di-Mahusay ang nakakuha ng iskor na 0-2 sa kanilang paunang pagsusulit sa pag-unawang mula sa binasang teksto. Ang kabuuang resulta ng paunang pagsusulit ay nangangahulugang mababa pa ang antas ng pag-unawang literal ng mga mag-aaral sa kanilang binabasa bagamat ang mga kasagutan sa mga katanungan ay matatagpuan mismo sa mga akdang kanilang binasa ay kailangan pa itong hasain at paunlarin. Sa kanila namang *post-test* ay mapapansin na ang may pinakamataas na bilang na 50 na tagasagot ang nakakuha ng iskor na 5-6 na may 55.0 na bahagdan na nangangahulugang Napakahusay at tumaas ang bilang ng antas ng pag-unawa sa pag-unawang literal dahil sa mataas ang nakuhang iskor ng mga mag-aaral sa panapos na pagsusulit na nangangahulugang tumaas ang kasanayan nila sa pag-unawang literal sa akdang binasa pagkatapos gamitin ang lokalisadong storyboard ng mga akdang Tayabasin. Mapapansin na walang nakakuha ng napakababang iskor. Nagpapatunay ito na karamihan sa mga mag-aaral ay may mataas nang antas ng pag-unawa sa pagbasa batay sa pag-unawang literal at mapapansing mas tumaas pa ang bilang nito pagkatapos nilang gamitin ang lokalisadong storyboard ng mga akdang Tayabasin na makikita sa resulta ng kanilang post-test.

Ayon kay Ayade (2019), sa mga uri ng pag-unawa sa pagbasa, inilahad niya na ang pag-unawang literal ay nakapokus sa mga ideya o impormasyong tuwirang nakalahad sa teksto. Ang mga kasagutan sa tanong na literal ay ang simpleng pag-alala sa mga impormasyon at detalyeng nakapaloob sa babasahin. Tumutukoy ito sa pinakamababaw na kahulugan ng mga salita, bagamat ang ganitong antas ng pag-unawa ay nangangailangan lamang ng mababang antas ng pag-iisip ay mahalaga ito bilang pundasyon ng mataas na antas ng pag-iisip.

**Talahanayan 7**
*Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Tagasagot ng mga Akdang Tayabasin batay sa Pag-unawang Inferensyal*

Talahanayan 7
Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Tagasagot ng mga Akdang Tayabasin batay sa Pag-unawang Inferensyal

| Iskor | Pag-unawang Inferensyal | | | | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| | Pre-test | | Post test | | |
| | F | Percent | F | Percent | |
| 7-8 | — | — | 39 | 43 | Napakahusay |
| 5-6 | 7 | 8 | 44 | 48 | Mahusay |
| 3-4 | 35 | 38 | 8 | 9 | Di-gaanong Mahusay |
| 0-2 | 49 | 54 | — | — | Di Mahusay |
| Kabuuan | 91 | 100.0 | 91 | 100.0 | |

Ang bahaging ito ay naglalahad ng antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga tagasagot batay sa Pag-unawang Inferensyal. Ibinatay ang resulta mula sa iskor na kanilang nakuha mula sa pre-test at post-test at pagkatapos ay nilapatan ng kaukulang interpretasyon.

Mula sa kabuuang siyamnapu't isang (91) tagasagot ay may 49 na mag-aaral na may 54 na bahagdan ang nakakuha ng iskor na 0-2 sa kanilang paunang pagsusulit sa pag-unawang mula sa binasang teksto. Ang kabuuang resulta ng paunang pagsusulit ay nangangahulugang mababa pa ang antas ng pag-unawang literal ng mga mag-aaral sa kanilang binabasa bagamat ang mga kasagutan sa mga katanungan ay matatagpuan mismo sa mga akdang kanilang binasa ay kailangan pa itong hasain at paunlarin. Sa kanila namang *post-test* ay mapapansin na ang may pinakamataas na bilang na 44 na tagasagot ang nakakuha ng iskor na 5-6 na may 48.0 na bahagdan na nangangahulugang mahusay at tumaas ang bilang ng antas ng pag-unawa sa pag-unawang literal dahil sa mataas ang nakuhang iskor ng mga mag-aaral sa panapos na pagsusulit na nangangahulugang tumaas ang kasanayan nila sa pag-unawang literal sa akdang binasa pagkatapos gamitin ang lokalisadong storyboard ng mga akdang Tayabasin.

Sang-ayon ito sa pahayag ni Garcia (2014) na sa antas ng pagbasa ay isa ang pag-unawang interpretasyon o inferensyal kung saan ito ay tumutukoy sa pagtuklas sa mga layunin ng may-akda, kaugnayan nito sa buhay. Kinakailangang taglayin ng mga mag-

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 8| August 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

aaral ang iba't ibang antas ng pagbasa dahil ito ay magkakaugnay dahil hindi makalilikha ng panibagong kaalaman kung hindi naunawaan ang ibig sabihin ng mga salitang nalimbag sa teksto.

**Talahanayan 8**
*Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Tagasagot ng mga Akdang Tayabasin batay sa Pag-unawang Kritikal*

**Talahanayan 8**
*Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Tagasagot ng mga Akdang Tayabasin batay sa Pag-unawang Kritikal*

| Iskor | Pag-unawang Kritikal | | | | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| | *Pre-test* | | *Post test* | | |
| | F | Percent | F | Percent | |
| 7-8 | 4 | 4 | 51 | 56 | Napakahusay |
| 5-6 | 22 | 24 | 35 | 38 | Mahusay |
| 3-4 | 30 | 33 | 5 | 5 | Di-gaanong Mahusay |
| 0-2 | 35 | 38 | -- | -- | Di- Mahusay |
| Kabuuan | 91 | 100.0 | 91 | 100.0 | |

Ang bahaging ito ay naglalahad ng antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga tagasagot batay sa Pag-unawang Kritikal. Ibinatay ang resulta mula sa iskor na kanilang nakuha mula sa pre-test at post-test at pagkatapos ay nilapatan ng kaukulang interpretasyon.

Ipinakikita sa Talahanayan 8 ang antas ng pag-unawa sa pagbasa batay sa Pag-unawang kritikal. Mula sa kabuuang siyamnapu't isang (91) tagasagot ay 35 na tagasagot naman ang nakakuha ng iskor na 0-2 na may bahagdan na 38.0 na nangangahulugang maraming mga mag-aaral ang hirap sa pag-unawang kritikal na nangangailangan ng higit na malalim na pag-iisip at nangangailangan ng pansin sa pag-unawa sa pagbasa sa mga akdang pampanitikan.

Sa kanila namang *post-test* ay mapapansin na may 51 na tagasagot ang nakakuha ng iskor na 7-8 na may 56.0 na bahagdan na nangangahulugang tumaas ang bilang ng may napakahusay na antas ng pag-unawa sa pag-unawang kritikal dahil sa mataas ang nakuhang iskor ng mga mag-aaral sa panapos na pagsusulit na nangangahulugang tumaas ang kasanayan nila sa pag-unawang kritikal sa akdang binasa pagkatapos gamitin ang lokalisadong storyboard ng mga akdang Tayabasin. Nagpapatunay ito na karamihan sa mga mag-aaral ay may mataas nang antas ng pag-unawa sa pagbasa batay sa pag-unawang kritikal at mapapansing mas tumaas pa ang bilang nito pagkatapos nilang gamitin ang lokalisadong storyboard ng mga akdang Tayabasin na makikita sa resulta ng kanilang post-test.

Mula sa nakuhang iskor ng mga tagasagot ay mapapansin na mas tumaas ang bilang ng mga tagasagot na may napakahusay at mahusay na antas ng pag-unawa sa pagbasa batay sa pag-unawang kritikal pagkatapos nilang gamitin ang lokalisadong storyboard ng mga akdang Tayabasin na makikita sa resulta ng kanilang post-test.

Kaugnay ng resultang nakita, ayon kay Bailey (2021), sa kaniyang lektyur hinggil sa Analitikal at Kritikal na Pagbasa, ang antas ng pag-unawa sa pagbasa na kritikal ay komplikadong proseso na nagpapahiwatig ng kakayahang bigyang kahulugan at gumawa ng paghuhusga tungkol sa impormasyon na pinagbabatayan ng teksto. Ito ay isang pagsusuri sa teksto kung saan tinatasa ng mambabasa ang nilalaman, isinasaalang-alang ang paggamit ng wika, na dapat malinaw at naiintindihan, at pinag-aaralan ang ugnayan ng teksto sa iba pang pagharap sa parehong paksa.

**Talahanayan 9**
*Kasanayan sa Pagpapayaman ng Talasalitaan ng mga Tagasagot Batay sa Pagpapangkat ng mga Salitang Magkakaugnay*

**Talahanayan 9**
*Kasanayan sa Pagpapayaman ng Talasalitaan ng mga Tagasagot Batay sa Pagpapangkat ng mga Salitang Magkakaugnay*

| Iskor | Pagpapangkat ng mga Salitang Magkakaugnay | | | | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| | *Pre-test* | | *Post test* | | |
| | F | Percent | F | Percent | |
| 7-8 | 7 | 8 | 36 | 40 | Napakahusay |
| 5-6 | 43 | 47 | 48 | 53 | Mahusay |
| 3-4 | 28 | 31 | 7 | 8 | Di-gaanong Mahusay |
| 0-2 | 13 | 14 | -- | -- | Di Mahusay |
| Kabuuan | 91 | 100 | 91 | 100 | |

Ipinakikita sa Talahanayan 9 ang kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan ng mga tagasagot batay sa pagpapangkat ng mga salitang magkakaugnay. Mula sa kabuuang siyamnapu't isang (91) tagasagot ay may 43 na nakakuha ng iskor na 5-6 at may katumbas na 4.7 na bahagdan sa kabuuang 100% sa kanilang paunang pagsusulit o *pre-test* at nangangahulugang may iilan na mag-aaral ang may napakahusay ng kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan batay sa pagpapangkat ng mga salitang salitang magkakaugnay. Napakahusay nila dahil sa nangangahulugan na batid nila kung alin sa mga salita ang kaugnay at kabilang sa kahulugan ng isang salita. pangpapangkat at alam kung alin ang hindi kabilang sa pangkat ng mga salita..

Sa kanila namang *post-test* ay mapapansin na may 48 tagasagot ang nakakuha ng iskor na 5-6 na may 40.0 na bahagdan na nangangahulugang tumaas ang bilang ng may napakahusay ng kasanayan sa talasalitaan batay sa pagpapangkat ng mga salitang magkakaugnay dahil sa mataas ang nakuhang iskor ng mga mag-aaral sa panapos na pagsusulit na nangangahulugang tumaas ang kasanayan nila sa pagpapangkat ng mga salitang magkakaugnay pagkatapos gamitin ang lokalisadong storyboard ng mga akdang Tayabasin. Mapapansin naman na wala ng nakakuha napakababang iskor. Nagpapatunay ito na karamihan sa mga mag-aaral ay may mataas nang kasanayan sa talasalitaan batay sa pagpapangkat ng mga salitang magkakaugnay at mapapansing mas tumaas pa ang bilang nito pagkatapos nilang gamitin ang lokalisadong storyboard ng mga akdang Tayabasin na makikita sa resulta ng kanilang post-test.

Sa pananaliksik ni Mancia (2017) inilahad na nakapagpapalawak ng kaalaman sa wika ang talasalitaan. Nakabubuti sa mga mag-aaral ang palagiang paglinang ng talasalitaan upang makaragdag

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 8| August 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

sa kaalaman sa paggamit ng wastong pagpapakahulugan at pagpili ng mga salita na magagamit sa pakikipagkomunikasyon. Mahalaga rin ang pagbibigay ng pansin sa mga magkakaugnay na salita sa loob ng akdang binabasa upang mas higit na maunawaan ang nilalaman nito sapagkat dito ay makikita ng isang tao ang kaugnayan ng kaniyang binabasa sa iba pang aspeto.

**Talahanayan 10**

*Kasanayan sa Pagpapayaman ng Talasalitaan ng mga Tagasagot Batay sa Kasingkahulugan nito*

Talahanayan 10
Kasanayan sa Pagpapayaman ng Talasalitaan ng mga Tagasagot Batay sa Kasingkahulugan nito

| Iskor | Kasingkahulugan | | | | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| | *Pre-test* | | *Post test* | | |
| | F | Percent | F | Percent | |
| 7-8 | 17 | 19 | 57 | 63 | Napakahusay |
| 5-6 | 40 | 44 | 31 | 34 | Mahusay |
| 3-4 | 28 | 31 | 3 | 3 | Di-gaanong Mahusay |
| 0-2 | 6 | 7 | — | — | Di- Mahusay |
| Kabuuan | 91 | 100.0 | 91 | 100.0 | |

Ipinakikita sa Talahanayan 10 ang kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan ng mga tagasagot batay sa kasingkahulugan. Mula sa kabuuang siyamnapu't isang (91) tagasagot ay may 40 na nakakuha ng iskor na 5-6 at may katumbas na 44.0 na bahagdan sa kabuuang 100% bahagdan sa kanilang paunang pagsusulit o *pre-test* at nangangahulugang may iilan na mag-aaral ang may napakahusay ng kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan pagdating sa kasingkahulugan nito. Napakahusay nila pagdating sa kanilang pagbibigay ng katumbas na kahulugan sa mga salitang kanilang nabasa sa loob ng mga akdang binigyang-pansin. Ang kabuuang resulta ng paunang pagsusulit ay nangangahulugang may bahagya nang kaalaman sa pagbibigay ng kasingkahulugan sa mga salita ang mga mag-aaral mula sa mga akdang kanilang binasa at binigyang-pansin.

Sa kanila namang *post-test* ay mapapansin na may 57 na tagasagot ang nakakuha ng iskor na 7-8 na may 63.0 na bahagdan na nangangahulugang malaki ang itinaas ng bilang ng may napakahusay na kasanayan sa pagpapalawak ng talasalitaan batay sa kasingkahulugan nito dahil sa mataas ang nakuhang iskor ng mga mag-aaral sa panapos na pagsusulit na nangangahulugang tumaas ang kasanayan nila sa pagbibigay ng katumbas na salita o kahulugan sa mga salitang matatagpuan sa akdang binasa pagkatapos gamitin ang lokalisadong storyboard ng mga akdang Tayabasin. Nagpapatunay ito na karamihan sa mga mag-aaral ay may mataas nang kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan pagdating sa pagbibigay ng kasingkahulugan ng mga salita at mapapansing mas tumaas pa ang bilang nito pagkatapos nilang gamitin ang lokalisadong storyboard ng mga akdang Tayabasin na makikita sa resulta ng kanilang post-test.

Mahalagang aspeto ang pagtukoy sa kasingkahulugan ng bawat salita o talasalitaan. Ito ay nakapagdudulot ng mabilis na nauunawaan ang teksto at may komprehensyon o pag-unawang nagaganap mula sa mag-aaral sa mga akdang kayang binabasa. Binibigyang pokus ang talasalitaan sa unang bahagi ng talakayan upang madaling maintindihan ang mga ilang salitang nakapaloob sa nilalaman ng teksto upang maiwasan na magdulot ng pagkalito (Almerico 2013).

Samantalang tumutugma ito sa pananaliksik na isinagawa ni Delmundo (2015) ang manunulat ay naglalagay ng mga hudyat o mga salita na maaaring malapit ang kahulugan sa salitang mahirap maunawaan. Sa ganitong paraan ay nalalaman ng mambabasa kung ano ang tunay na pakahulugan ng isang malamin na salita at maging ang damdamin na ipinakikita nito sa akda.

Nangangahulugan lamang na ang pagbibigay-pansin sa kasingkahulugan o katumbas na salita ay napakahalagang aspeto sapagkat mula rito ay matutulungan ang mga mag-aaral na malaman ang ibig sabihin ng mga salitang kanilang binabasa upang mas madali nilang maunawaan ang kanilang binabasang akda.

**Talahanayan 11**

*Kasanayan sa Pagpapayaman ng Talasalitaan ng mga Tagasagot na Batay sa Kasalungat*

Talahanayan 11
Kasanayan sa Pagpapayaman ng Talasalitaan ng mga Tagasagot na Batay sa Kasalungat

| Iskor | Kasalungat | | | | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| | *Pre-test* | | *Post test* | | |
| | F | Percent | F | Percent | |
| 7-8 | 2 | 2 | 21 | 23 | Napakahusay |
| 5-6 | 12 | 13 | 25 | 27 | Mahusay |
| 3-4 | 19 | 21 | 45 | 49 | Di-gaanong Mahusay |
| 0-2 | 58 | 64 | — | — | Di- Mahusay |
| Kabuuan | 91 | 100.0 | 91 | 100.0 | |

Ipinakikita sa Talahanayan 11 ang kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan ng mga tagasagot batay kasalungat. Mula sa kabuuang siyamnapu't isang (91) tagasagot ay may 58 na nakakuha ng iskor na 0-2 at may katumbas na 2.0 na bahagdan sa kabuuang 100% bahagdan sa kanilang paunang pagsusulit o *pre-test* at nangangahulugang may iilan na mag-aaral ang may napakahusay ng kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan pagdating sa pagbibigay ng kasalungat nito. Napakahusay nila pagdating sa kanilang pagbibigay ng salitang kabaliktaran ang kahulugan mula sa mga salitang kanilang binigyang-pansin. Samantalang maraming mga mag-aaral ang hirap sa pagbibigay ng kasalungat na salita sa mga salitang kanilang nabasa sa mga akdang kanilang binigyang-pansin. Ang kabuuang resulta ng paunang pagsusulit ay nangangahulugang mababa pa ang kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral pagdating sa pagbibigay ng kasalungat sa mga salitang kanilang binasa.

Sa kanila namang *post-test* ay mapapansin na may 34 tagasagot ang nakakuha ng iskor na 3-4 na may 49.0 na bahagdan na nangangahulugang tumaas ang bilang ng may napakahusay na kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan pagdating sa pagbibigay ng kasalungat nito dahil sa mataas ang nakuhang iskor

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 8| August 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

ng mga mag-aaral sa panapos na pagsusulit na nangangahulugang tumaas ang kasanayan kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan pagdating sa pagbibigay ng kasalungat sa mga salitang kanilang nabasa pagkatapos gamitin ang lokalisadong storyboard ng mga akdang Tayabasin. Samantala kapansin-pansin na malaki pa rin ang bilang ng mga tagasagot na nakakuha ng di-gaanong mahusay sapagkat 45 na tagasagot ang nakakuha ng iskor na 3-4 na may 49 na bahagdan. Nangangahulugan lamang na marami pa rin ang mga mag-aaral na nagkaroon ng kalituhan sa pagbibigay ng kasalungat sa mga salitang matatagpuan sa akdang kanilang binasa sa lokalisadong storyboard ngunit hindi naman ito nangangahulugan na hindi nakatulong ang kagamitan sapagkat mapapansin pa rin naman na tumaas ang bilang ng mga nakakuha ng iskor sa kanilang panapos na pagsusulit kung ikukumpara sa kanilang paunang pagsusulit. Samantala walang nakakuha ng napakababang iskor. Nagpapatunay ito na karamihan sa mga mag-aaral ay may naunawaan na at may nagkaroon ng kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan pagdating sa pagbibigay ng kasalungat nito at mapapansing mas tumaas pa ang bilang nito pagkatapos nilang gamitin ang lokalisadong storyboard ng mga akdang Tayabasin na makikita sa resulta ng kanilang post-test.

Akma ito sa pahayag ni Custodio (2015), ang mga mag-aaral ay natututo ng talasalitaan, kasingkahulugan maging ang kasalungat ng mga salitang kanilang nababasa sa pamamagitan ng pag-unawa mismo sa tekstong binabasa. Sa ganitong paraan ay mas mauunawaan ng mga mag-aaral ang tinatalakay na aralin. Ang guro ang nagtuturo sa mga mag-aaral ng mga salita, malalim man ang kahulugan o hindi. Ang mga salitang itinuturo ay hindi bsta-basta at nangangailangan ng kahusayan ang guro ipang maituro ito ng maayos.

**Talahanayan 12**

*Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Pag-unawa ng mga Tagasagot Bago at Pagkatapos Gamitin ang Lokalisadong Storyboard ng mga Akdang Tayabasin*

**Talahanayan 12**
*Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Pag-unawa ng mga Tagasagot Bago at Pagkatapos Gamitin ang Lokalisadong Storyboard ng mga Akdang Tayabasin*

| Antas ng pag-unawa sa pagbasa | Bago | | Pagkatapos | | t | df | Sig (2-tailed) | 95% Confidence Interval of the Difference | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Mean | Std Deviation | Mean | Std Deviation | | | | Lower | Upper |
| Literal | 3.26 | 1.72 | 6.24 | 1.11 | -15.773 | 90 | .000 | -3.363 | -2.603 |
| Inferensyal | 2.62 | 1.18 | 6.18 | 1.21 | -24.977 | 90 | .000 | -3.844 | -3.277 |
| Kritikal | 3.24 | 1.89 | 6.41 | 1.05 | -15.998 | 90 | .000 | -3.558 | -2.772 |

Makikita sa resulta ng Talahanayan 12 na may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga tagasagot bago at pagkatapos gamitin ang lokalisadong storyboard ng mga akdang Tayabasin mula sa dalawang baryabol. Batay sa pag-unawang literal na may mean iskor sa pretest na 3.26 at SD na 1.72 samantalang sa post test ay may mean iskor na 6.24 at SD na 1.11, ipinakikita na ito ay may .000 p-value. Nagpapahiwatig ito na nagkaroon ng makabuluhang pagtaas sa antas ng pag-unawa sa pagbasa sa pag-unawang literal ng mga tagasagot batay sa resulta ng kanilang *pre-test* at *post-test*. Batay naman sa pag-unawang inferensyal na may mean iskor sa pre-test na 2.62 at SD na 1.18 at sa post-test na may mean iskor na 6.18 at SD na 1.21, ipinakikita na ito ay may .000 p-value Nagpapahiwatig ito na nagkaroon rin ng makabuluhang pagtaas sa antas ng pag-unawa sa pagbasa sa pag-unawang inferensyal ng mga tagasagot batay sa resulta ng kanilang *pre-test* at *post-test*. Batay naman sa pag-unawang kritikal na may mean iskor sa pre-test na 3.24 at SD na 1.89 samantalang sa post-test na may mean iskor na 6.41 at SD na 1.05, ipinakikita na ito ay may .000 p-value. Nangangahulugan ito na naging epektibo ang paggamit ng lokalisadong storyboard ng mga akdang Tayabasin sa antas ng pag-unawa sa pagbasa sapagkat mas higit na tumaas ang kanilang nakuhang iskor sa post-test pagkatapos itong gamitin.

Mula sa talahanayan ay mapapansin ang mataas na mean sa antas ng pag-unawang kritikal na may 3.24 at SD na 1.89 bago at pagkatapos gamitin ang materyal patungo sa mean na 6.41 at SD na 1.05 na nangangahulugan na malaki ang naitulong ng paggamit ng lokalisadong materyal upang mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang binabasang akda sapagkat pamilyar at naiugnay nila ang kanilang sarili sa pinagmulan ng mga akdang kanilang binasa at maging ang pagdebelop ng kanilang kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan mula sa pag-angkop ng kanilang sarili sa mga salitang Tayabasin na ginamit sa akda sa loob ng lokalisadong storyboard. Akma ito sa resulta ng pananaliksik na isinagawa nina Quintino at Abagon (2021) kung saan lumabas na may makabuluhang pagkakaiba sa lebel ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral matapos gamitin ang e-modyul sa mga mag-aaral na nasa ikawalong baitang. Samakatuwid, sadyang mahirap sa mga mag-aaral ang pagbabasa subalit nagkakaroon pa rin sila ng motibasyon sa sarili sa tulong rin ng mga kagamitan sa pagbasa.

**Talahanayan 13**

*Makabuluhang Pagkakaiba sa Kasanayan sa Pagpapayaman ng Talasalitaan ng mga Tagasagot Bago at Pagkatapos Gamitin ang Lokalisadong Storyboard ng mga Akdang Tayabasin*

**Talahanayan 13**
*Makabuluhang Pagkakaiba sa Kasanayan sa Pagpapayaman ng Talasalitaan ng mga Tagasagot Bago at Pagkatapos Gamitin ang Lokalisadong Storyboard ng mga Akdang Tayabasin*

| Kasanayan sa Pagpapayaman ng Talasalitaan | Bago | | Pagkatapos | | t | df | Sig (2-tailed) | 95% Confidence Interval of the Difference | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Mean | Std Deviation | Mean | Std Deviation | | | | Lower | Upper |
| Pagpapangkat ng mga salitang magkakaugnay | 4.44 | 1.75 | 6.07 | 1.21 | -8.038 | 90 | .000 | -2.028 | -1.224 |
| Kasingkahulugan | 4.88 | 1.64 | 6.64 | 1.04 | -10.774 | 90 | .000 | -2.108 | -1.452 |
| Kasalungat | 2.33 | 1.83 | 4.82 | 1.69 | -13.061 | 90 | .000 | -2.874 | -2.115 |

Makikita sa resulta ng Talahanayan 13 na may makabuluhang pagkakaiba ang kasanayan sa talasalitaan ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang lokalisadong storyboard ng mga akdang Tayabasin mula sa dalawang baryabol. Batay sa kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan sa pagpapangkat ng mga salitang magkakaugnay na may mean iskor sa pretest na 4.44

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 8| August 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

at SD na 1.75 samantalang sa post test ay may mean iskor na 6.07 at SD na 1.21, ipinakikita na ito ay may .000 p-value. Nagpapahiwatig ito na nagkaroon ng makabuluhang pagtaas sa kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan ng mga mag-aaral batay sa resulta ng kanilang *pre-test* at *post-test*. Batay naman sa kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan sa kasingkahulugan na may mean iskor sa pre-test na 4.86 at SD na 1.64 at sa post-test na may mean iskor na 6.64 at SD na 1.04, ipinakikita na ito ay may .000 p-value. Nagpapahiwatig ito na nagkaroon rin ng makabuluhang pagtaas sa kasanayan sa talasalitaan ng mga mag-aaral batay sa resulta ng kanilang *pre-test* at *post-test*. Batay naman sa kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan sa kasalungat na may mean iskor sa pre-test na 2.33 at SD na 1.83 samantalang sa post-test na may mean iskor na 4.82 at SD na 1.69, ipinakikita na ito ay may .000 p-value. Nangangahulugan ito na naging epektibo ang paggamit ng lokalisadong storyboard ng mga akdang Tayabasin sa kasanayan sa pagpapayaman ng talasalitaan sapagkat mas higit na tumaas ang kanilang nakuhang iskor sa post-test pagkatapos itong gamitin.

Mula sa resulta ng pag-aaral ay mapapansin na bahagya pa ring mataas ang bilang ng nahirapan sa pagpapayaman ng talasalitaan batay sa kasalungat,ito marahil ay dahil sa mga panuto na nakalahad sa mga gawain kaya't nagkaroon ang mga mag-aaral ng kalituhan sa kanilang pagsasagot.

Tumutugma ito sa pag-aaral na isinagawa ni Culla (2021), kung saan lumabas sa kaniyang pag-aaral na nagkaroon ng pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa talasalitaan ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang kaniyang *Activity Enriched Workbuk* na nangangahulugan na epektibo ang ang paggamit ng workbook sa pagpapalawak ng talasalitaan sapagkat mas higit na tumaas ang kanilang nakuhang iskor sa post-test pagkatapos itong gamitin. Iminungkahi rin sa kaniyang pananaliksik ang paggamit ng mga workbuk na naglalaman ng mga pagsasanay at akda upang mas mapaunlad ang kasanayan sa talasalitaan. Hinihikayat rin ang kanilang patuloy na pagbasa at pag-unawa ito ay makatutulong nang malaki sa pagkakaroon nila ng kalinangan sa kanilang sariling pag-unlad at pagkatuto.

## KONKLUSYON

Batay sa mga resulta ng pagsusuri, ang mga sumusunod ang mga konklusyon na natuklasan sa pag-aaral. Una, napatunayan na mayroong makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga tagasagot bago at pagkatapos gamitin ang lokalisadong storyboard ng mga akdang Tayabasin. Ito ay nagpapahiwatig na ang paggamit ng lokal na storyboard ay may epekto sa pagpapataas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng binabasa.

Pangalawa, napatunayan rin na mayroong makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan ng mga tagasagot sa pagpapayaman ng talasalitaan bago at pagkatapos gamitin ang lokalisadong storyboard ng mga akdang Tayabasin. Ito ay nagpapakita na ang paggamit ng nasabing kagamitan ay nakatulong sa pagpapabuti ng mga kasanayan ng mga mag-aaral sa pagpapayaman ng kanilang talasalitaan.

Ang mga natuklasang ito ay nagpapatunay na ang paggamit ng lokalisadong storyboard ng mga akdang Tayabasin ay nagdulot ng positibong epekto sa mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagpapalawak ng kanilang kaalaman at kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa, pati na rin ang pagpapayaman ng kanilang bokabularyo, ang mga mag-aaral ay mas nagiging mahusay sa pag-aaral ng mga teksto.

Ang pag-aaral na ito ay nagbibigay-daan sa rekomendasyon na magpatuloy sa paggamit ng lokalisadong storyboard ng mga akdang Tayabasin bilang isang epektibong paraan ng pagtuturo at pagpapahusay ng mga kasanayan sa pagbasa at talasalitaan ng mga mag-aaral.

## REFERENSYA

1. *Acopra, J. et al (2014). Komunikasyon sa Makabagong Filipino. Intramuros, Manila. Mindshapers Co., Inc.*
2. *Aguilar, R. et.al (2014) Pagbasa at Pagsulat tungo sa Pananaliksik. Grandbooks Publishing, Inc. Pateros, Manila.*
3. *Almario, V. (2013). Mga lektura sa panitikang popular. San Miguel Manila: Komisyon sa Wikang Filipino.*
4. *Bailey,F. (2021). Kahulugan ng Kritikal na Pagbabasa. Retrieved April 6, 2023 from*
5. *https://tl.warbletoncouncil.org/lectura-critica-821*
6. *Bernales (2014) Pagbasa at Pagsulat sa Iba't Ibang Disipilina. Makati City, Grandwater Publications and research corp*
7. *Best, RM et al (2015) Deep-level Comprehension of Science Texts. Topics in Language Disorders.*
8. *Bonafe, V. (2015). Antas ng Kamalayan at kakayahan sa paggamit ng teknolohiyang pangkomunikasyon at kaugnayan sa asignaturang Filipino G9, implikasyon sa epektibong pagkatuto. LSPU*
9. *Cabrera, K. (2017) E-Modyul Bilang Interbensyong Kagamtan Sa Pagtuturong Mga Piling Aralin sa Filipino ng Grado 9. Southern Luzon State University: Kolehiyo ng Panggurong Edukasyon, Lucban, Quezon.*
10. *Cadiz, D. (2018). Lucbanin ating kilalanin: Lokalisadong kagamitan sa pagtuturo ng Filipino sa baitang 4. Southern Luzon State University: Kolehiyo ng Panggurong Edukasyon, Lucban, Quezon.*
11. *Caper, C. (2014) "The importance of reading in improving performance level:The Modern teacher, September 2014 issue in the grade school. Inc.*
12. *Culla, A. (2021). Activity Enriched Workbuk at Kasanayan sa Pagpapalawak ng Talasalitaan. LSPU*
13. *Custodio,L.(2015), Reading Comprehension : A Pathway to Better Understanding. The Modern Teacher Vol. 64. no. 06*
14. *Dagoon, Jesse D. (2013) Teaching Strategies in livelihood and vocational education today. Lungsod ng Quezon: Rex Printing Company, Inc.*
15. *Dapol, R.C (2016) Localized Learning Resource material in Araling Panlipunan 2. Di-Nalathalang Tesis, Lucban Quezon: Southern Luzon State Universty*

16. *Dayapera, N.A(2014) Debelopment At Ebalwasyon Ng Sanayang Aklat Sa Pagsasaling-Wika;SLSU.Lucban, Quezon*
17. *Delmundo,R.(2015) Vocabulary Enhancement Workbook In teaching Reading; Lucban Quezon: Southern Luzon State Universty*
18. *Deped Order No. 7, Series of 2015. Policy Guidelines on Classroom Assessment for the K-12 Basic Education Program*
19. *Emralino, H. (2021). Ilustrasyong Glosaryo Ng Mga Salitang Nakapaloob Sa Ilang Piling Panitikang Pandaigdigan Bilang Kagamitang Panturo At Antas Ng Pag-unawa Sa Pagbasa. LSPU*
20. *Fredrick, H. (2015). Instructional materials for effective teaching. Retrieved from http://www.ehow.com/info-8665621_instructional-materials-effective-teaching.html.*
21. *Garcia, et al (2014). Komunikasyon sa Akademinong Filipino. Cabanatuan city. Jimay publishing house.*
22. *Harzano, Y.M (2017) Developing Learning Materials for specific purposes.TEFLIN Jpurnal, vol. 18, no. 2*
23. *Innovative Training Works,Inc (2016). Animation Vol. I. Rex Bookstore, Inc. Sampaloc Manila*
24. *Isleta, M.C. (2018). Kasanayan sa wika at pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral sa Grado 1: Batayan sa lokalisayon ng mga kwento ng pambata. Southern Luzon State University: Kolehiyo ng Panggurong Edukasyon, Lucban, Quezon.*
25. *Japee (2018), Ang Kritikal na Pagbasa. Retrieved April 6,2023 from*
26. *https://www.facebook.com/813599522147647/posts/kritikal-na-pagbasa-ay-tumutukoy-sa-proseso-ng-pagkilala-ng-mga-nakasulat-na- im/1102168393290757/*
27. *Juarez, N. R. (2014). Pagtataya sa kasanayan sa pagbasa sa pamamagitan ng rubriks ng mga mag-aaral sa ikaapat na taon ng Paaralang sekundarya ng Lucban, taong panuruan 2010-2011. Southern Luzon State University: Kolehiyo ng Panggurong Edukasyon, Lucban, Quezon.*
28. *Latorre, J. (2021). "Panitikan ng Mauban sa pagtuturo ng komunikasyon at pagpapayaman ng talasalitaan". College of Teacher Education. Laguna State Polytechnic University. San Pablo City Campus.*
29. *Magpantay, N. V (2016). Reading skills in selected Filipino Stories: Basis for Instructional workbook. College of Teacher Education. Southern Luzon State University*
30. *Magracia, E. et.al (2017). Mabisang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't ibang Teksto tungo sa Pananaliksik. Mutya Publishing House, Inc. Malabon City.*
31. *Mancia, M.R (2017). "E-games bilang pantulong kagamitan sa paglinang ng talasalitaan sa obra maestrang Florante at Laura". Southern Luzon State University: Kolehiyo ng Panggurong Edukasyon, Lucban, Quezon.*
32. *Melen, M. (2022) Storyboard Example for Students.https://examples.y ourdictionary.com/storyboard-example-for-students.html (Retrieved Oct. 16, 2022)*
33. *Merriam Webster Dictionary https://www.merriam-webster.com/dictionary/storyboard (Retrieved Oct. 15, 2022)*
34. *Nanad, R. (2021). Modyul ng mga Suplemental na babasahin bilang kagamitang pampagtuturo na nobela at pagpapayaman ng talasalitaan. College of Teacher Education. Laguna State Polytechnic University. San Pablo City Campus.*
35. *Oblefias, C.R.R (2013). Antas ng pagbasa sa mga tekstong kontemporaryo ng mga piling mag-aaral sa Grado 7: Basehan sa pagbuo ng interbensyong materyal. Southern Luzon State University: Kolehiyo ng Panggurong Edukasyon, Lucban, Quezon.*
36. *Olar, S. (2015) Contextualizing and Localizing grade 9 learning module through environmental issues. Unpublished thesis. Lucban, Quezon. Southern Luzon State University*
37. *Orbita,H.(2018).Sariling Likhang Interbensyong Materyal:Instrumento sa Pagpapataas ng Antas sa Pagbasa ng mga Mag-aaral na Nasa Antas ng Kahinaan sa Grado7 ng LPIHS. Manuel S.Enverga University.Lucena City*
38. *Orends, R. (2017). Learning to teach Seventh edition. New York: Mcgraw-Hill.*
39. *Park, L. (2017). Kagamitang Panturo. Retrieved April 8, 2023 fromhttp://gabaysafilipinoniley.blogspot.com/2017/01/kagamitang-panturo.html*
40. *Pineda, A.P., (2014). Paggamit ng estratehiyang pagkatuto nang tulong-tulong (cooperative Learning) sa pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral ng narsing sa Lungsod ng Lucena (Unpublished Thesis). Manuel S. Enverga University Foundation, Lucena City.*
41. *Quevado, A. (2015). Localizing Grade 9 Learning Module Tasks as Supplementary Material in English-American Literature. Unpublished thesis. Lucban, Quezon Southern Luzon State University*
42. *Quintino H. at Abagon B. (2021) Lebel ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga mag-aaral sa Ikawalong Baitang ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Subic. President Ramon Magsaysay State University, Philippines.*
43. *Rendon, V. at Mangaoang, A. (2020), Filipino-Ikasampung Baitang (Panitikang Mediterranean).*
44. *Rubi, R. (2014). Modyul sa Filipino 1 Komunikasyon sa Akademikong Filipino. Jimczyville Publications. Malabon City*
45. *Saberola, L. (2018) Pagbuo, Pagtanggap at Balidit ng Modyul: Kontekstwalisasyon ng mga Piling Aralin sa Filipino 8 Gamit ang Dominyo ng Kulturang Popular. MSEUF*
46. *Salandanan, G. (2013) Methods of Teaching. Metro Manila. Lorimar Publising Inc.*
47. *Shermann, A (2022). What is Storyboard? (Retrieved Oct 15,2022) https://www.storyboardthat.com/articles/e/what-is-a-storyboard*
48. *Simbulan, J. H (2013). Obra maestra. C& E Publishing /inc.*
49. *Soria, C. (2021) Kritikal na Pagbasa, Pagsulat at Pagsasalita.Retrieved April 6, 2023 from https://www.studocu.com/ph/document/ama-computer-university/kritikal/chapter-2-kritikal-na-pag-basa-pagsulat-at-pagsasalita/21838544*
50. *Tolentino, R. et.al (2022). "Mga piling akdang pampanitikan ng Candelaria, Quezon bilang kagamitan sa pagtuturo ng Filipino at sa Pagpapalawak ng Talasalitaan", College of Teacher Education. Laguna State Polytechnic University. San Pablo City Campus.*
51. *Valeroso, A. (2013). The Modern Teacher, Vol. LV. No 7, 297.*
52. *Villacruz, A.(2016). Ang Mapanuri at Kritikal na Pag-unawa sa mga modelong akda. Retrieved April 7, 2023 from https://prezi.com/7vumy0uniho9/ang-mapanuri-o-kritikal-na-pag-unawa-sa-mga-modelong-akda/?fallback=1*
53. *Vyond Team (2022). What is a Storyboard and Why do you need one? (Retrieved Oct 15, 2022) from*

*https://www.vyond.com/resources/what-is-a-storyboard-and-why-do-you-need-one/*

54. *Zorilla, C. (2016). Paggamit ng kulturang popular at ang kaugnayan nito sa kakayahan sa kasanayang makro sa asignaturang Filipino. LSPU*